# Pagaayuno Yugto 8

"1Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hachalias. Nangyari nga sa buwan ng Chislu, sa ikadalawang pung taon, samantalang ako'y nasa bahay-hari sa Susan. 2Na si Hanani, na isa sa aking mga kapatid, ay dumating, siya at ilang lalake na mula sa Juda; at tinanong ko sila ng tungkol sa mga Judio na nakatanan, na nangaiwan sa pagkabihag, at tungkol sa Jerusalem. 3At sinabi nila sa akin, Ang nalabi na naiwan sa pagkabihag doon sa lalawigan, ay nasa malaking kapighatian at kakutyaan: ang kuta naman sa Jerusalem ay nabagsak, at ang mga pintuang-bayan ay nangasunog sa apoy. 4At nangyari, nang marinig ko ang mga salitang ito, na ako'y naupo at umiyak, at nanangis na ilang araw; at ako'y nagayuno, at dumalangin sa harap ng Dios ng langit. 5 At nagsabi, Aking idinadalangin sa iyo, Oh Panginoon, na Dios ng langit, na dakila at kakilakilabot na Dios, na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa kaniya, at nangagiingat ng kaniyang mga utos: 6 Pakinggan ngayon ng iyong tainga, at idilat ang iyong mga mata, upang iyong dinggin ang dalangin ng iyong lingkod, na aking idinadalangin sa harap mo sa panahong ito, araw at gabi, dahil sa mga anak ni Israel na iyong mga lingkod, habang aking ipinahahayag ang mga kasalanan ng mga anak ni Israel, na aming ipinagkasala laban sa iyo. Oo, ako at ang sangbahayan ng aking magulang ay nagkasala: 7 Kami ay lubhang nagpakahamak laban sa iyo, at hindi nangagingat ng mga utos, o ng mga palatuntunan man, o ng mga kahatulan, na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises. 8 Alalahanin mo, isinasamo ko sa iyo, ang salita na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises, na sinasabi, Kung kayo'y magsisalangsang, aking pangangalatin kayo sa lahat na bayan: 9 Nguni't kung kayo'y magsibalik sa akin, at ingatan ninyo ang aking mga utos, at gawin, bagaman ang nangatapon sa inyo ay nasa kaduluduluhang bahagi ng mga langit, akin ngang pipisanin sila mula roon, at dadalhin ko sila sa dakong aking pinili upang patahanin doon ang aking pangalan. 10 Ang mga ito nga'y ang iyong mga lingkod at ang iyong bayan, na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong malakas na kamay. 11 Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, pakinggan ngayon ng inyong pakinig ang dalangin ng iyong lingkod, at ang dalangin ng iyong mga lingkod, na nangasasayahang matakot sa iyong pangalan: at paginhawahin mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong lingkod sa araw na ito, at pagkalooban mo siya ng kaawaan sa paningin ng lalaking ito. Ngayo'y tagahawak ako ng saro ng hari." (Nehemiah 1:1-11)

Ito ay isa pa sa Banal na Kasulatan sa Bibliya ng nagsasabi ng higit pa tungkol sa pagaayuno, gaya ng ating babasahin at pagninilayan sa Salita ng Diyos sa mensaheng ito sa gayon maari nating maunawaan at ilapat ito sa ating buhay.

"1 Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hachalias. Nangyari nga sa buwan ng Chislu, sa ikadalawang pung taon, samantalang ako'y nasa bahay-hari sa Susan." (Nehemiah 1:1) Si Nehemias ay malayo sa Jerusalem, sa pagkatapon sa kuta ng Susan, siya ay nagtatrabaho bilang tagahawak ng saro sa Hari ng Persia. Habang siya'y nagtatrabaho mayroong siyang natanggap na mga bisita na pumunta sa kanya mula sa Jerusalem, "2 Na si Hanani, na isa sa aking mga kapatid, ay dumating, siya at ilang lalake na mula sa Juda; at tinanong ko sila ng tungkol sa mga Judio na nakatanan, na nangaiwan sa pagkabihag, at tungkol sa Jerusalem." (Nehemiah 1:2) Ang mga bisita ay si Hanani, isa sa kanyang kapatid at ang ibang lalaki na kasama niya na dumating mula sa Juda. Salamat sa Diyos na mayroong pa ring pagbabalita at pagkilos na hinayaan sa pagitan ng Juda at sa mga itinapon at sa pamamagitan ng pagkilos na iyon ang balita ay matatanggap. Narito si Nehemias ay nagtanong sa kanila una tungkol sa mga Judio na tumakas mula sa pagkabihag at kaugnay sa bayan ng Jerusalem. Kaya dito makikita nating malinaw na si Nehemias ay talagang may malasakit tungkol sa mga bagay ng Diyos. Siya ay may malasakit sa kalagayan ng bayan ng Diyos kung saan dito ay kumakatawan sa bayan ng Jerusalem. Ngayon, gaya na ating sinasabi at kaugnay tungkol sa paksa ng pagaayuno, lahat ng nagbabasa at nakikinig sa mensaheng ito ay mayroong mga kagamitan na sa pamamagitan ng mga ito ay maaring makipagusap sa pagtawag, pagkikipagusap,at email sa mga taong nasa malayong lugar. Ngayon sagutin ang mga katanungang ito: kapag ikaw ay nakikipagusap sa mga taong kakilala mo, ikaw ba ay may malasakit tungkol sa makamundong mga bagay, walang kahalagang pagtsitsismis, malasakit tungkol sa iyong personal na mithiin, malasakit tungkol sa pagkakaroon ng negosyo, malasakit tungkol sa pagpunta sa maayos na lugar, o ikaw ba ay may malasakit tungkol sa mga bagay ng Diyos, tungkol sa bayan ng Diyos at tungkol sa mga usapin ng Kanyang simbahan?

Panahon para sayo ngayon upang gamitin ang social media pasilidad ng komunikasyon na mayroon ka upang abutin ang mga tao at tulungan sila na bumalik sa Diyos at upang maibalik sa pangunahing plano na mayroon ang Diyos sa kanila.

Ngayon ito ang sagot na tinanggap ni Nehemias para sa Kanya tanong at ito ang balita na kanyang nakuha: "3 At sinabi nila sa akin, Ang nalabi na naiwan sa pagkabihag doon sa lalawigan, ay nasa malaking kapighatian at kakutyaan: ang kuta naman sa Jerusalem ay nabagsak, at ang mga pintuang-bayan ay nangasunog sa apoy." (Nehemias 1:3) Ang balita na kanyang tinanggap tungkol sa bayan ng Jerusalem at tungkol sa kanyang mga tao ay masama. Kasalanan, paghihimagsik at pagsuway ay nagdala ng poot ng Diyos at sinira ang buhay ng mga tao sa Jerusalem at Juda at nagdala sa kanila ng mga kaguluhan at pagkabihag. Totoo na ang mga malayo sa plano ng Diyos at malayo sa kalooban ng Diyos sila'y nasa mga kaguluhan at nasa ilalim ng mga pag-atake ng lahat ng mga pwersa ng diablo; ang kanilang buhay ay nakalantad sa mga sakit at pinsala bilang bayan ng walang bakod nakalantad sa mga banta at mga atake ng kaaway. Sa mga malayo sa Diyos sila'y walang sangga ng proteksyon sa paligid nila, at wala silang mga tuntuning dapat sundin upang ipagtanggol sila. Sa gayon ang mga malayo sa Diyos gaya ng ating ipinapanalangin at ipinagaayuno kailangan nating magkaroon ng malasakit at habag sa kanila upang abutin sila at upang dalhin ang Salita ng Diyos, ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang katuruan sa kanila.

"4 At nangyari, nang marinig ko ang mga salitang ito, na ako'y naupo at umiyak, at nanangis na ilang araw; at ako'y nagayuno, at dumalangin sa harap ng Dios ng langit." (Nehemias 1:4) Ang reaksyon ni Nehemias ay umiyak, nanangis at nagayuno at nanalangin ay nangmula sa sumusunod na mga elemento:

1. Pagsisisi: Napagtanto ni Nehemias na ang lahat ng mga bagay na nangyari sa bayan ng Diyos at ang pagkawasak na dumating sa Jerusalem at Juda ay dahil sa kasalanan. Sa parehong paraan kailangan nating maunawaan ngayon na ang lahat ng pagkawasak sa bayan ng Diyos at sa mga simbahan ng Diyos ay dahil sa kasalanan, diosdiosang sinasamba, paghihimagsik, at paglayo sa Diyos.

"5 At nagsabi, Aking idinadalangin sa iyo, Oh Panginoon, na Dios ng langit, na dakila at kakilakilabot na Dios, na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa kaniya, at nangagiingat ng kaniyang mga utos: " (Nehemias 1:5) Si Nehemias ay nanangis at umiyak sa Diyos sa kanyang panalangin. Si Nehemias ay nagsumamo sa tipan ng Diyos, at nagsumamo sa Kanyang pagibig at Kanyang awa. Sa parehong paraan sa ating panalangin at pagaayuno kailangan nating manangis at umiyak sa Diyos at manawagan sa kanya upang dalhin sa atin ang Kanyang pagibig, pagpapatawad at awa.

"6 Pakinggan ngayon ng iyong tainga, at idilat ang iyong mga mata, upang iyong dinggin ang dalangin ng iyong lingkod, na aking idinadalangin sa harap mo sa panahong ito, araw at gabi, dahil sa mga anak ni Israel na iyong mga lingkod, habang aking ipinahahayag ang mga kasalanan ng mga anak ni Israel, na aming ipinagkasala laban sa iyo. Oo, ako at ang sangbahayan ng aking magulang ay nagkasala:" (Nehemias 1:6) Si Nehemias ay nanalangin at nagsumamo sa Diyos araw at gabi. Habang tayo'y nananalangin at nagaayuno ng may kapaitan, pagsisisi, at pagmamakaawa na nasa ating mga puso kailangan nating gawin iyon araw at gabi. Si Nehemias ay nagsumamo sa Diyos na Kanyang hayaan pakinggan ng Kanyang pandinig at ng Kanyang mata ay buksan sa kanyang panalangin at pagaayuno at sa paghahayag ng kasalanan; ang mga kasalanan ng mga Israelita, at ang mga kasalanan ng mga Israelita na naglilingkod sa Diyos, bukod pa dyan ang kanyang sariling kasalanan at ang kasalanan ng sangbahayan ng kanyang ama. Sa parehong paraan kapag tayo'y nanalangin at nagaayuno kailangan nating ipahayag ang ating mga kasalanan, ang mga kasalanan ng sangbahayan ng ating ama, ang mga kasalanan ng ating pamilya at ito ang mga kasalanan ng tradisyonal at pangkultura kasanayan na labag sa Salita ng Diyos at sa kalooban ng Diyos, ganon din kailangan nating ipagtapat ang mga kasalanan ng mga simbahan ng diyos at ang mga kasalanan ng naglilingkod sa Diyos. Ang sumusunod ay ang maikling pagpapakilala ng mga kasalanan ng kasalukuyang mga simbahan ng Diyos at ang mga kasalanan ng mga lingkod ng Diyos at ang mga diosdiosan na kanilang sinasamba habang naglilingkod sa Diyos:

• Pagnanasa at immoralidad; pagkakaroon ng kasintahang lalaki at babae, pagsasama, panliligaw, panonood ng ponograpiya, relasyon ng pagsasama, paghihiwalay, at pagaasawang muli, pangangalunya, maramihang pagaasawa at wala sa batas na pagaasawa sa pagaasawa sa hindi mananampalataya.

• Pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga diosdiosan, pagdiriwang ng Bagong Taon at Kapaskuhan ng may Santa Claus, Christmas Tree, pagdiriwang ng mga kaarawan, anibersaryo ng kasal, pagdiriwang ng araw ng Ama, Araw ng Ina, Halloween (Pagaani), Araw ng lahat ng mga Santo, Araw ng Puso, at Buwan ng mga Pastor. Ang lahat ng pagdiriwang na ito ay dapat mawala sa ating buhay.
• Kasakiman, paiimbot at pagibig sa salapi
• Pagaaksaya at paggastos ng sobra.
• Katakawan, pagkain ng sobra, pagibig sa pagkain ng higit sa Diyos, pagbili ng pagkain sa restawrant, pagmamahal sa mga kapistahan at pagdiriwang ngunit tumatangging mag-ayuno
• Paninirang puri, masamang hangarin, paninibugho, pagseselos, kapaitan, pagkakaroon ng sama ng loob, galit, poot at walang kapatawaran, pagmamalaki, pagpapakitang gilas, katamaran, pagiging kampanate, at kawalan ng pangko sa Diyos,at paglilingkod sa makamundong mga bagay at ayaw maglingkod sa Diyos.
• Homosexualidad, hinahayaan ang isang relasyon sa pagitan ng lalaki sa lalaki, at babae sa babae, pagkukunsunti sa transgender at homosexual na paguugali at mga pagkilos, at hinahayaan ang homosexualidad na pagpapakasal.

"5 At nagsabi, Aking idinadalangin sa iyo, Oh Panginoon, na Dios ng langit, na dakila at kakilakilabot na Dios, na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa kaniya, at nangagiingat ng kaniyang mga utos: " (Nehemias 1:5) Kailangan mong maintinduhan na nang si Nehemias ay nakiusap sa Diyos na nag-ingat ng Kanyang tipan, na iingatan ng Diyos ang Kanyang tipan sayo kapag ikaw ay handang magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan.

"7 Kami ay lubhang nagpakahamak laban sa iyo, at hindi nangagingat ng mga utos, o ng mga palatuntunan man, o ng mga kahatulan, na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises." (Nehemias 1:7) Si Nehemias ay nagsalita sa Diyos na sila'y gumawa ng kasamaan sa Diyos, sumira sila sa Kanyang mga alintuntunin at kahatulan na ipinidala Niya sa pamamagitan ni Moises. Samakatuwid, kailangan mong maintindihan na ang iyong panalangin at pag-aayuno ay magiging epektibo, kapag ikaw ay may parehong pagiisip ng Diyos, at ang Diyos ay makikinog at kikilos upang gumawa ng mabuti at malalaking bagay kung ikaw ay haharap sa Diyos at ipagtatapat ang lahat ng mga kasalanan, ang mga diosdiosan at ang kasamaan sa Kanyang Salita at ang mga paraan na ikaw at ang mga simbahan ng Diyos at ginawa ng bayan ng Diyos.

Ipinagtapat ni Nehemias ang kanyang kasalanan at ang mga kasalanan ng kanyang sangbahayan, sila'y gumawa ng napakasama patungo sa Diyos .

2. Pagmamalasakit at kahabagan: Ang balita na dinala ng mga lalaki kay Nehemias ay napaka lungkot na balita na nasaktan ang damdamin ni Nehemias at nagdala ng kalungkutan at kadalamhatian sa kanyang kaluluwa. "4 At nangyari, nang marinig ko ang mga salitang ito, na ako'y naupo at umiyak, at nanangis na ilang araw; at ako'y nagayuno, at dumalangin sa harap ng Dios ng langit." (Nehemias 1:4) Si Nehemias ay nanangis mula sa kaibuturan ng kanyang puso, siya ay talagang nasaktan hanggang sa buto dahil sa balita na kanyang narinig. Siya ay nasasaktan pagkatapos ng balitang natanggap niya tungkol sa kanyang mga tao, ang bayan ng Diyos at tungkol sa Jerusalem at Juda. Si Nehemias ay may ganap na kahabagan. Ang Salita ng Diyos ay nagutos sa atin na mabalot ng habag. Si Jesus ay may ganap na kahabagan patungo sa karamihan na pumupunta sa Kanya, gaya ng ating mababasa rito: "36 Datapuwa't nang

makita niya ang mga karamihan, ay nahabag siya sa kanila, sapagka't pawang nangahahapis at nangangalat, na gaya ng mga tupa na walang pastor." (Mateo 9:36) "14 At siya'y lumabas, at nakita ang isang malaking karamihan, at nahabag siya sa kanila, at pinagaling niya ang sa kanila'y mga may sakit." (Mateo 14:14) Ang parehong sakit na nasa puso ng Diyos para sa kalagayan at paghihirap ng mga tao, ang sakit na yaon ay katulad rin ng nasa puso ni Nehemias nang kanyang narinig ang balita. Sa gayon , habang tayo'y nanalangin at nagaayuno nais ni Jesus na ang ating puso ay mapuspos ng habag ni Jesus at magkaroon ng malasakit sa pagdurusa ng karamihan na malayo sa Diyos.

Kumilos si Nehemias ng may puso nang kanyang narinig ang masamang balita, mayroon siyang malasakit sa bayan ng Diyos, at kumilos siyang may habag upang gumawa ng isang bagay para sa kapakanan ng bayan ng Diyos. Kailangan mong magkaroon ng malasakit at habag patungo sa nawawalang kaluluwa at patungo sa mga namumuhay sa pagkaalipin at kailangan nila ng pagpapalaya.

Kailangan nating magkaroon ng malasakit at habag patungo sa mga mananampalataya at sa mga simbahan na nabubuhay sa pagkaalipin sa kadahilanan ng kanilang mga kasalanan at pagsuway.

Kailangang nating ipanalangin at ipagayuno ang mga tao at ang mga simbahan na may kapighatian at habag sa ating puso patungo sa kanila upang mapalaya. Ang Diyos ay nalugod sa pagtugon ni Nehemias sapagkat si Nehemias ay nakibahagi sa Diyos ng kapighatian na nasa puso ng Diyos sa kasalukuyang kalagayan ng Jerusalem at ng bayan ng Diyos na nasa kahabag habag na sitwasyon.

3. Malinaw na kaunawaan sa Banal na Kasulatan: "8 Alalahanin mo, isinasamo ko sa iyo, ang salita na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises, na sinasabi, Kung kayo'y magsisalangsang, aking pangangalatin kayo sa lahat na bayan: 9 Nguni't kung kayo'y magsibalik sa akin, at ingatan ninyo ang aking mga utos, at gawin, bagaman ang nangatapon sa inyo ay nasa kaduluduluhang bahagi ng mga langit, akin ngang pipisanin sila mula roon, at dadalhin ko sila sa dakong aking pinili upang patahanin doon ang aking pangalan. 10Ang mga ito nga'y ang iyong mga lingkod at ang iyong bayan, na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong malakas na kamay." (Nehemias 1:8-10) Alam ni Nehemias na ang tipan sa Diyos ay may kondisyon. Kung ang bayan ng Diyos ay lumabag sa tipan sa Diyos, pakakalatin ng Panginoon sila at hahayaan ang mga kagukuhan ay dumating sa kanila. Ngunit kung sila'y magsisi at magbalik sa Diyos at ingatan ang Kanyang mga utos at gawin ang mga ito, papaging dapatin ng Diyos at Siya ay tapat upang ibalik sila at titipunin sila pabalik kahit na sila'y nasa malayong lugar at kahit na sila'y nasa masalimuot na kondisyon o nasa ilalim ng maraming mapang aping puwersa.

"10 Ang mga ito nga'y ang iyong mga lingkod at ang iyong bayan, na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong malakas na kamay." (Nehemias 1:10) Napagtanto ni Nehemias na ang mga tao na nagsisi sila'y hindi lamang bayan ng Diyos at sila'y naligtas, ganon din sila'y mga lingkod ng Diyos. Sa parehong paraan kapag ikaw, ang bayang ng Diyos, at ang mga simbahan ng Diyos na nagsisi sa kanilang kasalanan sila'y hindi lamang naligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, ganon din sila ay ang bayan ng Diyos at ang mga lingkod ng Diyos, naglilingkod sa Panginoon kasama natin, naghahatid ng mga bagong kaluluwa sa Panginoon at naghihintay kasama natin sa Panginoon na dumating upang kunin tayo papunta sa Langit.

4. Kababaang loob: Si Nehemias ay ipinakumbaba ang kanyang sarili sa kamay ng Diyos napagtanto na walang tulong ng Diyos ay walang magagawa upang baligtarin ang kahag habag na sitwasyon ng mga tao ng Diyos at ng Jerusalem. Siya'y nanalangin at hiniling ang tulong ng Panginoon sa paningin ng hari na siya'y nagtatrabaho bilang tagahawak ng saro upang bigyan siya ng pahintulot para umalis sa ilang sandali at pumunta sa Jerusalem at gumawa ng isang bagay upang tulungan ang mga tao gaya ng ating mababasa rito: "11 Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, pakinggan ngayon ng inyong pakinig ang dalangin ng iyong lingkod, at ang dalangin ng iyong mga lingkod, na nangasasayahang matakot sa iyong pangalan: at paginhawahin mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong lingkod sa araw na ito, at pagkalooban mo siya ng kaawaan sa paningin ng lalaking ito. Ngayo'y tagahawak ako ng saro ng hari." (Nehemias 1:11) Mula sa talatang ito ng 11 ating mapapagpasyahan ang mga sumusunod:

• walang makakatulong sa ating mga paghihirap kundi ang Diyos lamang.
• Ang Diyos ay kikilos sa ating kalagitnaan kung tayo'y magsisis at babalik sa Kanya.
• Anuman ang kalagayan ay masama magagawa ng Diyos na baligtarin kahit ang pinakamasamang kalagyan sapagkat kaya Niyang dalhin tayo mula sa kamatayan hanggang sa buhay.
• Pagkatakot sa Diyos ay mahalaga upang magdala ng kaligtasan ng Diyos at kasaganaan sa ating kalagitnaan.
• Ang Diyos kapag siya ay nalugod sa atin. Bibigyan Niya tayo ng pabor kahit sa harapan ng mga hari.
• Mayroong ibang mga lingkod na may takot sa Diyos at nagsisi at naglilingkod sa Diyos kagaya natin.

Sa aking mahal at minamahal: Sinagot ng Diyos si Nehemias sa pagiyak, pagsusumamo, kahilingan, pagaayuno at panalangin at ipinagkaloob ng Panginoon ang sumusunod:

A. Tulong: Napagbigyan si Nehemias ng pahintulot ng Hari upang lisanin ng pansamantala ang kanyang trabaho at pumunta sa Jerusalem upang itayo ito at gawin ang gawain ng Diyos.
B. Probisyon: Si Nehemias ay nabigyan ng probisyon na kinakailangan niyang maglakbay at gawin ang gawain ng Diyos. Ipinagkaloob ng hari ang kanyang kahilingan na magkaroon ng liham sa mga gobernador ng Trans Eupharetes, upang magkaloob sila sa kanya ng ligtas na paguugali hangang siya'y makarating sa Juda, At ang liham ay sa tagapagingat ng kagubatan ng hari, upang siya'y mabigyan ng kahoy para gumawa ng haligi para sa pintuan ng citadel sa templo at para sa pader ng bayan at para sa tirahan na kanyang titirahan.
C. Pangitain: Binigyan ng Panginoon si Nehemias ng malinaw at ganap na pangitain kung paanong gumawa ng pader at ang bayan ng Jerusalem at upang maibalik ito sa dati.

Sa parehong paran habang ikaw ay kumikilos kagaya ni Nehemias. Ang Diyos ay pagkakalooban ka ng katulad. Nais ng Diyos mula sayo ang tunay na pagsisisi, tunay na kaunawaan ng Banal na Kasulatan, kababaang loob, habag, at malasakit sa mga bagay na humipo at pumuno sa puso ng Diyos ng may kapighatian. Kung mayroon ka ng ganoon, pagkakalooban ka ng Diyos ng pabor, iba't ibang uri ng probisyon, mga biyaya, kasaganaan, pagpapalaya, panunumbalik at ang pangitain upang sumulong at gawin ang Kanyang gawain at kalooban.

Tayo ay manalangin:

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Panginoon kami'y nagpapasalamat sayo para sa iyong Salita na ipinadala mo sa amin.

Ating ipagtapat at talikuran ang lahat ng ating mga kasalanan, mga diosdiosan, kasamaan, pakikipagkompromiso at maling mga gawain.

Aking ipahahayag at tatalikuran ang mga sumusunod:

Mahal na Panginoon pakinggan ngayon ng iyong tainga, at idilat ang iyong mga mata, upang iyong dinggin ang dalangin ng iyong lingkod, na aking idinadalangin sa harap mo sa panahong ito, araw at gabi, ang mga tao ng iyong mga simbahan. Aking ipinahahayag ang mga kasalanan kami ang bayan ng iyong simbahan, kasama ang aking sarili, ay gumawa laban sayo. Kami'y kumilos ng napakasama patungo sayo. Kami'y sumuway sa mga utos, alintuntunin at batas na ibinigay sa amin. Alalahanin ang utos na ibinigay sa iyong mga lingkod na sinasabi, "Alalahanin mo, isinasamo ko sa iyo, ang salita na iyong iniutos sa iyong lingkod na kay Moises, na sinasabi, Kung kayo'y magsisalangsang, aking pangangalatin kayo sa lahat na bayan: Nguni't kung kayo'y magsibalik sa akin, at ingatan ninyo ang aking mga utos, at gawin, bagaman ang nangatapon sa inyo ay nasa kadulududuluhang bahagi ng mga langit, akin ngang pipisanin sila mula roon, at dadalhin ko sila sa dakong aking pinili upang patahanin doon ang aking pangalan. Ang mga ito nga'y ang iyong mga lingkod at ang iyong bayan, na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong malakas na kamay. Sila'y iyong mga lingkod at ang iyong bayan Panginoong Jesus, na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dugo at sa pamamagitan ng iyong dakilang kalakasan at iyong dakilang kamay sa krus. O Panginoon pakinggan ngayon ng iyong tenga ang panalangin ng iyong lingkod na ito at sa panalangin ng iyong mga lingkod na nagagalak sa paggalang sa iyong pangalan. Bigyan mo ang iyong lingkod ngayon ng tagumpay sa pagkakaloob sa kanya ng pabor, probisyon at pangitain upang sumulong at gawin ang iyong kalooban at gawain.

Panginoon ako'y nananalangin para sa amin upang maging tagagawa ng iyong Salita at upang tuparin ang mga gawain na iyong itinawag upang gawin para sayo. Panginoon punuin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin kaming makapagebanghelyo at abutin ang mga tao ng Mabuting Balita at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon punuin mo kami ng iyong pagibig, awa, malasakit, at habag at paging dapatin kami makapagtanim pa ng bagong pagaaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014

IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com